REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG LAGUNA
BAYAN NG STA. CRUZ

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 9 NG AGOSTO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
nasa lakad opisyal

KAPASIYAHAN BLG. 281-T'2000

KAPASIYAHANG KINIKILALA SI G. JOSE ESPINAR, TRICYCLE DRIVER NA TAGA-SANTO ANGEL CENTRAL SA KANYANG KATAPATAN DAHILAN SA PAGSASAULI NG NAIWANG MAHAHALAGANG PAPELES AT PERA NG ISANG PASAHERO.

SAPAGKA'T, pangunahing programa ng pamahalaang bayan ay ang tungkol sa Moral Recovery Program;

SAPAGKA'T, pinahahalagahan ng sangguniang ito ang mga katangi-tanging gawi at asal ng ating mga mamamayan;

SAPAGKA'T, ang ginawi ni G. Jose Espinar ay nagpapakita ng katapatan, na karapat-dapat tularan ng iba pang kasamahang magtatraysikel sa bayang ito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na kilalanin si G. Jose Espinar, tricycle driver na taga-Santo Angel Central sa kanyang katapatan dahilan sa pagsasauli ng naiwang mahahalagang papeles at pera ng isang pasahero.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan at G. Jose Espinar, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan